


MTB-MLE

Unang Markahan- Modyul 35: Ang Aking Sarili



MTB-MLE – Unang Baitang

Alternative Delivery Mode

Unang Markahan – Modyul 35: Ang Aking Sarili

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Evelyn T. Peredo, Andrea G. Antonio
Editor:	Marietess B. Baquiran, Melany D. Belgica, Michael Jun T. Agcaoili Mark-Jhon R. Prestoza, Jun-Jun R. Ramos
Tagasuri:	Elvie D. Guillermo, James D. Pamittan, Michael Jun T. Agcaoili
Tagaguhit:	Florante D. Salazar
Tagalapat:	Evelyn T. Peredo, Andrea G. Antonio, Michael Jun T. Agcaoili, Maria Geraldine G. Lastra – Bermudez
Tagapamahala:	Benjamin D. Paragas Jessie L. Amin Octavio V. Cabasag Rizalino G. Caronan James D. Pamittan Romel B. Costales Rodrigo V. Pascua Marietess B. Baquiran Maria Cristina A. Acosta Maria Geraldine G. Lastra – Bermudez

Inilimbag sa Pilipinas ng

Department of Education – Region II

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City,

3500Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728

E-mail Address: region2@deped.gov.ph

MTB-MLE

Unang Markahan - Modyul 35:
Ang Aking Sarili

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani- kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag- unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito. Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda at isinulat para malinang ang iyong kakayahan at mabigyan ng magandang pagkakataon upang maging kasiya-siya ang iyong pag-aaral sa asignaturang Mother Tongue sa unang baitang.

Sa pagtatapos ng modyul na ito ay inaasahang makapagbibigay at makasusulat ka ng impormasyon tungkol sa iyong sarili (MT1SS-Ig-i-2.1).



Subukin

Anong alam mo tungkol sa iyong sarili? Magkuwento ka nga sa inyong mga magulang o tagapag-alaga.



Balikan

Ako ay Mahalaga

Mahalaga ako sa inyong pangangatawan.
Sa babae at lalaki, bata at matanda man.
Sakit ay maiiwasan, gaganda ang kalusugan.
Ako ay pampalakas, mainam sa katawan.
Kaya't magtanim na at inyong alagaan.

Balikan natin ang kwentong, “Ako ay Mahalaga”, at sagutin ng pasalita sa magulang o tagapag-alaga ang mga katanungan.

Ano ang naalala mo tungkol sa kwento? Ano ang tinutukoy na mahalaga sa kwento? Paano siya naging mahalaga?


Ikaw, mahalaga ka ba? Ako ba ay mahalaga sa iyo?



Tuklasin

Makinig sa kwentong babasahin ng magulang o tagapag-alaga at sagutin ng pasalita ang mga tanong pagkatapos.

Ako Si
Evelyn T. Peredo



Isang araw, habang naglalakad si Ana papunta sa kanilang paaralan, nakasabay niya ang bagong kaklase. Nginitian niya ito at nagpakilala.

“Ako si Ana. Pareho tayong nasa Baitang 1-Rose.”


“Ako naman si Rene. Masaya ako at nakilala ka.”

1. Saan papunta ang dalawang bata?
2. Sino ang dalawang batang nagkakilala?
3. Ano ang pinag-usapan ng dalawang bata?
4. Anong baitang na sila?
5. Sa iyong palagay, magiging matalik ba silang magkaibigan?



Suriin

Upang lubusang makilala ang sarili, kailangan mong alamin ang pinagmulan ng iyong pangalan. Maliban sa pangalan, alamin mo rin ang iyong kaarawan, tirahan, edad, pangalan ng mga magulang at kapatid, pangalan ng paaralan, at lahat ng impormasyon na magagamit mo sa pagkilala sa iyong sarili at pagpapakilala sa mga bagong kaibigan.



Pagyamanin

Subukan nga natin kung gaano mo kakilala ang iyong sarili. Sagutin mo ng pasalita ang mga sumusunod na katanungan.

1. Ano ang pangalan mo?
2. Ilang taon ka na?
3. Kailan ka ipinanganak?
4. Ano ang pangalan ng tatay mo?
5. Ano ang pangalan ng nanay mo?
6. Saan kayo nakatira? Ibigay ang kumpletongtirahan.
7. Ilan kayong magkakapatid?
8. Ibigay ang pangalan ng mga kapatid mo.
9. Saan ka nag-aaral?
10. Anong baitang ka na?



Isaisip

Mahalagang malaman mo ang iyong pangalan, kaarawan, tirahan, edad, pangalan ng mga magulang at kapatid, pati na rin ang pangalan ng iyong paaralan.

Magagamit mo ang mga ito sa pagpapakilala ng iyong sarili sa mga bagong kaibigan, kakilala, at mga kamag-anak.



Isagawa


Kumpletuhin ang pangungusap o dayalogo ng dalawang bata. Isulat ito sa sulatang papel.

Ako si _____.

Anong pangalan mo?

_____ taon na ako at
ipinanganak ako noong_____.

Taga-_____ako.
Ikaw saan ka nakatira?



Luna.

Ilang taon ka na? atkailan ka
ipinanganak?

Nakatira kami sa





Tayahin

Kumpletuhin ang bawat pangungusap. Piliin ang sagot sa loob ng kahon at isulat ito sa sulatang papel.

Tumauini	unang
anim	Tumauini North Central School
Rosas	Maritess

Ako si _____, _____ na taong gulang. Nakatira ako sa _____ at nag-aaral sa _____. Ako ay nasa _____ baitang at kabilang sa seksyon _____.



Karagdagang Gawain

- A. Ipakilala ang iyong sarili sa pamamagitan ng pagkumpleto sa pangungusap. Isulat ito sa sulatang papel.

Ako si _____, _____ na taong gulang. Nasa ika-_____ baitang at kabilang sa seksyon _____.

- B. Gumupit at magdikit ng iyong larawan sa isang papel. Isulat ang pangalan, edad at tirahan sa ibaba ng larawang idinikit. Magpatulong sa mga kasama sa bahay.

Pangalan:
Edad:
Tirahan:



Susi sa Pagwawasto

Tuklasin

1. Paaralan
2. Ana at Rene
3. Nagpakilala silang dalawa (Pangalan)
4. Baitang 1
5. (kanya-kanyang sagot)

Tayahin

1. Maritess
2. anim
3. Tumauni!
4. Tumauni! North Central School
5. unang
6. Rosas

Sanggunian

Mother Tongue Based-Multilingual Education Learner's
Materials

Mother Tongue Based-Multilingual Education Teacher's Guide

Department of Education. "K To 12 Most Essential Learning
Competencies With Corresponding CGCodes". Pasig City:
Department of Education Central Office, 2020

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpdpd@deped.gov.ph